SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG MAYO 03, 2021, LUNES, IKA-9:28 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA .

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>may karamdaman |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 25 MAY 2021 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 25 MAY 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 260-T2021**

**KAPASIYAHAN NAGPAPATIBAY NA ANG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (Php1,000,000.00) NA MAGMUMULA SA PONDO NG "MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND" NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ LAGUNA AY MAGAMIT NG SANGGUNIANG BARANGAY SANTISIMA CRUZ TUNGO SA PAGPAPAPAGAWA NG KALSADA AT KANAL SA SITIO ASANA – 2 PAPUNTA SA GAGAWING MRF AT FAITH GARDEN NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** nagkaroon ng kahilingan ang bumubuo ng Sangguniang Barangay Santisima Cruz Bayan ng Santa Cruz, Laguna sa Sangguniang Bayan ng isang resolusyon na pagtibayin an gang pondong isang milyong piso na magmumula sa "Municipal Development Fund" ng Pamahalaang Bayan tungo sa pagpapapasemento at pagpapapagawa ng kalsada at kanal sa Sitio Asana- 2 papunta sa gagawing MRF at Faith Garden sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 11-T'21 ng nabanggit na Barangay;

**SAPAGKAT,** naging layunin ng Sangguniang Barangay ang maging maayos ang kanilang kalsada na matagal ng hinihiling para sa kapakanan ng mamamayan ng Barangay;

**SAPAGKAT,** ang Kahilingan ng Barangay Santisima Cruz ay iniliwat sa pinagsamang Lupon sa Pagawaing Bayan, Inprastraktura at Elektripikasyon at Lupon sa Barangay Affairs para suriin at pagaralan;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri ay inirekomenda ng nabanggit na Lupon na pagtibayin ito,

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Alan T. Pamatmat, Kgg. Mark Anthony P. Joven at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPAPASIYAHANG: PAGTIBAYIN ANG HALAGANG ISANG MILYONG PISO (Php1,000,000.00) NA MAGMUMULA SA PONDO NG "MUNICIPAL DEVELOPMENT FUND" NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ LAGUNA AY MAGAMIT NG SANGGUNIANG BARANGAY SANTISIMA CRUZ TUNGO SA PAGPAPAPAGAWA NG KALSADA AT KANAL SA SITIO ASANA – 2 PAPUNTA SA GAGAWING MRF AT FAITH GARDEN NG NABANGGIT NA BARANGAY**.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng Santisima Cruz at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Mayo 03, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
5/24/21